REPUBLIKA NG PILIPINAS

**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**

KALAKHANG MAYNILA

SANGGUNIANG BAYAN

**KAPASIYAHAN BILANG 89-97**

KAPASIYAHAN NA BINIBIGYAN NG KAPANGYARIHAN NG SANGGUNIANG BAYAN SI MANANANGGOL VICTOR D. AGUINALDO UPANG KUMATAWAN SA PAMAHALAANG BAYAN SA LAHAT NG KASONG LEGAL, KASAMA ANG MGA KASO NG MAHIHIRAP NA MAMAMAYAN NA HUMIHINGI NG LIBRENG TULONG NA LEGAL;AT NAHAHARAP SA PRIBADONG KASO, ALINSUNOD SA MEMORANDUM SIRKULAR BILANG 17 NG MALACAÑANG , PETSA SEPTIYEMBRE 4, 1986.

- - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - -

SAPAGKAT, tungkulin ng pambayang manananggol na pangalagaan at ipagtanggol ang kapakanang bayan ng pamahalaang lokal, bigyan ng proteksyon ang mga pag-aari nito, at maging ang mga usaping pang-legal ng mga kawani o namamasukan dito;

SAPAGKAT, likas na tungkulin ng pamahalaang bayan na tulungan ang mga mahihirap na mamamayan na nangangailangan, sa anumang pamamaraan laleng higit ang libreng tulong na pang-legal, ito ay nangangahulugan lamang ng pagbibigay katarungan sa lahat ng naaayon sa batas.

NGAYON, DAHIL DITO, ang Sangguniang Bayan ng Muntinlupa ay napagpasiyahan at pinagpasiyahan pang muli na bigyan ng kapangyarihan si Manananggol Victor D. Aguinaldo upang kumatawan sa pamahalaang Bayan sa lahat ng kasong legal, kasama ang mga kaso ng mahihirap na mamamayan na humihingi ng libreng tulong na legal, at nahaharap sa pribadong kaso, alinsunod sa Memorandum Sirkular Bilang 17 ng Malacañang, petsa Septiyembre 4, 1986.

PINAGTIBAY ng nakararaming kasapi ng Sangguniang Bayan ng Muntinlupa, Kalakhang Maynila sa kanilang pang limampu't apat (54th) na pangkaraniwang pulong na ginanap noong ika 17 ng Abril, 1989.

Mggl. IGNACIO R. BUNYE
Puneng Bayan/Pangulong Opisyal

Mggl. JAIME R. FRESNEDI
Pang.Punong Bayan/Pang.Pangulong Opisyal

Kgg. CARLO G. TENSUAN
Konsehal

Kgg. ALEJANDRO L. MARTINEZ
Konsehal

Kgg. EPIFANIO A. ESPELETA
Konsehal

Kgg. REY E. BULAY
Konsehal

REPUBLIKA NG PILIPINAS
# PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA
KALAKHANG MAYNILA

SANGGUNIANG BAYAN

**Pahina Blg.** 89-97

KGG. ROMAN E. NIEFES
**Konsehal**

KGG. LUCIO B. CONSTANTINO
**Konsehal**

KGG. NEMESIO O. MOZO
**Konsehal**

KGG. RUFINO B. JOAQUIN
**Konsehal**

KGG. ROGER C. SMITH
**Konsehal**

KGG. NOLASCO L. DIAZ
**Konsehal**

PINATOTOHANAN :

RAUL R. CORRO
**Kalihim Bayan**

PINAGTIBAY : **Abril 17, 1989**